TULA

Tula tungkol sa Bagong Taon: 5 Orihinal na Tula

Orihinal na tula ng akingmaiklingkwento.com. Malayang gamitin sa klase; banggitin ang pinagmulan.

1. Bagong Taon, May Kulay (tanaga)

Bagong taon, may kulay bawat pag-asang taglay, tumutugtog ang buhay sa mesa, kami'y sabay.

Tanaga: 4 na taludtod, 7 pantig, tugmang -ay

2. Handa sa Daan (tanaga)

Salamat sa nagdaan ng aral at kasaysayan; ngayo'y handa sa daan ng bagong kinabukasan.

Tanaga: 4 na taludtod, 7 pantig, tugmang -an

3. Listahan

Ngayong gabi, may nakahanda akong listahan: magbabasa nang mas madalas, magtatanong kapag hindi ko maintindihan, at sasabihin ang "salamat" bago ang "pasensya".

Wala sa listahan ang pagiging perpekto. Alam kong mahaba ang taon, at ang mga pangakong maliit ang kadalasang umaabot sa dulo.

Malayang taludturan: walang sukat at tugma

4. Hatinggabi sa Probinsya

Sa kabilang bakuran, may nagpapatunog ng lata. Sa kalsada, tumatakbo ang mga bata na may hawak na torotot at kumpol ng ilaw.

Si Lola, sa upuang kawayan, naglalagay ng isang barya sa bulsa ng bawat apo, para raw laging may laman ang taon.

Sa hatinggabi, tumingala ako: ang bituin, parang butil ng bigas na iniwan ng nagdaang taon para sa taong darating.

Malayang taludturan

5. Paalam, Lumang Taon

Salamat sa mga umagang inaantok kami, sa pagsusulit na hindi namin nalampasan, at sa mga kaibigang dumating nang hindi hinihintay.

Isasama namin ang mga aral, iiwan ang mga takot, at isasara nang dahan-dahan ang pinto ng taong hindi na babalik:

iiwan itong bukas nang kaunti, para makalabas ang amoy ng niluto at makapasok ang hangin ng bago.

Malayang taludturan

Mga gawain

- Piliin ang paborito mong tula at ipaliwanag kung bakit.
- Bilangin ang pantig ng isa pang tanaga na isinulat ng kaklase.
- Sumulat ng sarili mong tulang malayang taludturan na hindi bababa sa tatlong linya.